Republic of the Philippines
Department of Education
REGION VII – CENTRAL VISAYAS
**Schools Division of Bohol**

**Office of the Schools**
**Division Superintendent**

June 29,2026

DIVISION MEMORANDUM
No. 402 , s. 2026

**PAGPAPATUPAD NG VIRTUAL CURRICULUM IMPLEMENTATION REVIEW (CIR) PARA SA MGA FILIPINO DISTRICT COORDINATORS SA SDO BOHOL**

Assistant Schools Division Superintendent
Chief Education Supervisors
Public Schools District Supervisors
Elementary and Secondary School Heads
All Others Concerned

1. Alinsunod sa layunin ng Kagawaran ng Edukasyon na patuloy na mapaunlad ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang Filipino, ipatutupad ang **Virtual Curriculum Implementation Review (CIR)** para sa mga **Filipino District Coordinators** ng Schools Division Office of Bohol.
2. Layunin ng gawaing ito na:
   a) masuri ang antas ng implementasyon ng kurikulum sa asignaturang Filipino sa iba't ibang paaralan at distrito;
   b) matukoy ang mga mabubuting gawi (best practices), hamon, at pangangailangan sa implementasyon;
   c) makapagbigay ng rekomendasyon para sa pagpapahusay ng pagtuturo at pagkatuto;
   d) makapagbalangkas ng mga susunod na hakbang at interbensyon batay sa resulta ng pagsusuri; at
   e) palakasin ang koordinasyon at suporta sa pagitan ng dibisyon, distrito, at mga paaralan.

3) Ang Curriculum Implementation Review ay inaasahang tatalakay sa sumusunod:
   3.1 Pagsusuri sa Pagsasakatuparan ng MELCs at Learning Competencies.
   3.2 Pagtalakay sa mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino.
   3.3 Presentasyon ng Datos sa Pagkatuto at Assessment Results.
   3.4 Pagbabahagi ng Best Practices at Innovation
   3.5 Pagkilala sa mga Hamon at Pagbuo ng Intervention Plan
   3.6 Pagbabalangkas ng District Action Plan para sa SY 2026–2027

4) Ang mga kalahuk sa CIR na ito ay lahat ng **Filipino District Coordinators** at inaatasang:
   4.1 dumalo at aktibong makilahok sa lahat ng sesyon;
   4.2 maghanda ng district accomplishment report at presentasyon;
   4.3 magdala ng kinakailangang datos at dokumentong susuporta sa pagsusuri; at
   4.4 magsumite ng consolidated district recommendations pagkatapos ng gawain.

5) Inaasahang petsa sa nasabing Filipino CIR ay sa mga sumusunod na petsa:
   Q1- July 8, 2026
   Q2- October 1, 2026
   Q3- January 7, 2027
   Q4- April 1, 2027


Address: 0050 Lino Chatto Barangay Cogon, Tagbilaran City, Bohol
Telephone No.:
email Address: deped.bohol@deped.gov.ph
www.depedbohol.org
Deped Tayo Bohol Division

6) Ang gastusin kaugnay ng gawaing ito (transportasyon para sa walang internet connection, at iba pa,) ay sasagutin ng School MOOE, alinsunod sa umiiral na accounting at auditing rules and regulations.
7) Hinihiling ang ganap na suporta at agarang pagsunod ng lahat.
8) Para sa kaukulang kaalaman at paggabay.

**FAY C. LUAREZ EdD, PhD. TM, CESO V**
Schools Division Superintendent

FCL/CID/MMVT